

INTERNASYUNAL NA BUOD

Pang-aabusong Sekswal sa Kulungan: Isang Pandaigdigang Krisis sa Karapatang Pantao

Isang pandaigdigang krisis sa karapatang pantao ang pang-aabusang sekswal (*sexual abuse*) sa kulunganⁱ. Sa maraming pagkakataon, mismong mga kawani ng kulungan — ang mga taong naatasang mangalaga sa kaligtasan ng mga bilanggo (*inmates*) — ang sangkot dito. Ang panggagahasa (*rape*) at iba pang uri ng sekswal na pang-aabuso ay kinikilala sa buong mundo bilang mga uri ng *torture*, kahit pa kawani ng kulungan o bilanggo man ang gumawa nito. Ang pamahalaan ang may ganap na tungkuling mangalaga sa kaligtasan ng mga bilanggo. Ang pang-aabusong sekswal sa kulungan, kahit sino pa man ang may gawa, ay kumakatawan sa pagkabigo ng pamahalaan na mapanghawakan ang tungkulin nito.

Maraming bansa ang wala pang opisyal na pag-aaral na naisagawa tungkol sa kung gaano kalaganap ang mga kaso ng pang-aabusong sekswal sa kulungan, at tanging iilang mga bilanggo lamang ang nag-uulat na sila ay inabuso. Sa kabila nito, marami sa mga tagapagmatyag sa mga kulungan ang nagsasabing ang kawalan ng mga pormal na ulat ay hindi nangangahulugang ligtas ang mga lugar na ito. Sa katunayan, marami sa mga dating bilanggo, kawani, at tagapagtaguyod ng karapatang pantao sa buong mundo ang nagsasabing karamihan sa mga biktima ng pang-aabusong sekswal sa kulungan ang pinipiling hindi ibahagi ang kanilang karanasan — kung minsan ay dahil sa kahihyan, o takot na mapaghihigantihan, o dahil sa paniniwalang wala silang tulong na maaaring matanggap.

Mga Katangian ng Pang-aabusong Sekswal sa Kulungan

Iba't iba ang anyo at legal na katawagan at kahulugan ng pang-aabusong sekswal sa kulungan sa loob at pagitan ng bawat bansa, at maging sa bawat rehiyon. Para sa Just Detention International (JDI), ang pang-aabusong sekswal sa kulungan ay tumutukoy sa mga hindi tanggap na pakikipagtalik (*sexual contact*) o pananakot mula sa kapwa bilanggo, at anumang *sexual contact* mula sa kawani ng kulungan, ano pa man ang kasarian ng may sala o ng biktima. Ang pang-aabusong sekswal ay nangyayari sa kulungan ng mga kababaihan at kalalakihan, at maaaring kapareho o kasalungat ng kasarian ng biktima ang may sala.

Talamak ang karahasan at panggagahasa sa loob ng mga kulungan sa buong mundo. Para lamang mabuhay, marami sa mga bilanggo ang napipilitang makipag-relasyon at makipagtalik sa mga mas kapangyarihang preso kapalit ng kanilang proteksyon. Sa maraming lugar, ang panggagahasa sa kulungan ay may kaugnayan sa mga organisadong grupo (*gang*): “ib-inibenta” ang mga biktima sa mga grupong ito, o pinipilit silang pumasok sa prostitusyon. Karamihan sa mga biktima ang ginagahasa nang maraming beses. Mabilis kumalat ang balita sa loob ng mga kulungan, at kung minsan nang ginahasa ang isang bilanggo, karaniwang nagiging *target* siyang muli ng iba pang preso at kawani ng bilangguan.

Mas karaniwang kasangkot sa panggagahasa ang isang kawani ng kulungan, kumpara sa mga kapwa-presong biktima. Kung minsan, ang mga kawani ng ito ang nagse-setup upang gahasain ang isang bilanggo ng kapwa niya preso. Sa iba pang kaso, hinihingi nilang kapalit ang pakikipagtalik para sa pagkain, ilegal na droga, o pangako ng mas kanais-nais o paborableng pagtrato. Ilan sa mga kawani ng kulungan ang sangkot sa sekswal na relasyon sa mga *inmate* na sa unang tingin, ay tila may kapwa-pagpayag. Ngunit, kahit pa hindi naging puwersahan ang pakikipagtalik, kailanman ay hindi ito tamang gawin ng mga kawani ng kulungan sa mga bilanggo. Ang mga kawani ng ito ay may lubos na kapangyarihan sa mga bilanggo, at maaari nilang limitahan ang kalayaan o mas pahirapan ang buhay ng mga preso. Sa ganitong sitwasyon, kalimitan ay halos

impossible para sa mga bilanggo na tanggihan ang utos ng mga kawani ng kulungan na nais makipagtalik sa kanila.

Maaari ding gamitin ang panggagahasa sa kulungan bilang isang kasangkapan para sa pulitikal na paniniil (*political repression*). Sa mga kasong gaya nito, mag-uutos o magbibigay ng di-hayagang pagsang-ayon ang pamahalaan, administrador, o sinumang kawani ng kulungan, para sa paggahasa sa mga *inmate* na itinuturing na kalaban sa pulitika, bilang parusa o paraan ng pananakot sa kanila.

Bagaman kahit sino ay maaaring makaranas ng panggagahasa sa loob ng kulungan, may mga taong pinaniniwalaan ng iba na mas mahina, kung kaya't mas nanganganib silang maging biktima. Kabilang dito ang mga sumusunod: *lesbian, gay, bisexual, at transgender* na mga bilanggo; mga mas bata, o mga taong may maliit na pangangatawan; mga taong unang beses pa lamang na makulong; at mga hindi bayolenteng bilanggo. Sa mga kulungan para sa kalalakihan, talamak ang eksaheradong pagkalalaki (*hyper-masculinity*), at pag-uugaling kumikiling sa galit o diskriminasyon laban sa mga kababaihan (*misogynistic attitudes*). Ibig sabihin, ang mga karaniwang nasasangkot sa pang-aabusong sekswal ay kinikilala bilang malakas o 'tunay na lalaki', habang ang mga biktima naman ay mahina o 'parang babae'. Ginagawang lubhang mapanganib ng mga pag-uugaling ito para sa mga biktima ng panggagahasa na mag-ulat ng kanilang karansan ng pang-aabuso at humingi ng tulong na kinakailangan nila. Maging ang mga bilanggong hindi sekswal na inabuso ay napipilitang umangkop sa isang kapaligiran na kung saan, nanganganib ang sinumang pinaniniwalaang mahina.

Ano pa man ang uri nito, ang panggagahasa ay isang marahas na gawain na ginagamit upang ipakita ang pangigingabaw, kapangyarihan at kontrol. Kainlanman, hindi kasalanan ng biktima na makaranas ng panggagahasa.

Epekto sa mga biktima

Ang panggagahasa at iba pang uri ng pang-aabusong sekswal sa mga tahanan, komunidad, o kulungan, ay may seryosong emosyonal at pisikal na epekto sa mga biktima. Bagaman natatangi ang karanasan ng bawat indibidwal, may mga karaniwang reaksiyon na makikita sa kanila gaya ng takot, kahihiyan, galit, pagkabalisa, mga bangungot at pagbabalik sa alaala ng natapos nang pangyayari (*flashbacks*). Para sa mga bilanggo, lumalala ang mga sintomas na ito dahil sa kawalan ng *privacy*, kawalan ng kontrol sa kanilang kapaligiran, at kalimitan, ng patuloy na presensya sa kulungan ng mga taong gumahasa sa kanila.

Dagdag pa sa mga emosyonal na sakit na hatid ng panggagahasa sa loob ng kulungan ang posibilidad na mahawa sa HIV at iba pang nakamamatay na *sexually transmitted infections (STI)*. Marami sa mga biktima ng pang-aabusong sekswal ang nakaranas din ng pisikal na pinsala gaya ng pagkabali ng mga buto; karaniwang naisasantabi ang paggamot sa mga pinsalang ito. Ang mga babaeng *inmate* ay nanganganib na mabuntis at maaaring mapuwersang sumailalim sa aborsyon. Bagaman malaki ang naitutulong ng agarang *rape crisis counseling* at pangangalagang medikal kabilang ang paggamot matapos ang *rape* upang malabanan ang STI, pawang iilan lamang sa mga bilanggo ang may akses sa mga nabanggit na serbisyo.

Sa buong mundo, bitbit ng karamihan sa mga nakalayang bilanggo pabalik sa kanilang mga pamilya at komunidad, ang *trauma* at iba pang mga naging karanasan nila sa piitan. Kung hindi sila makatatanggap ng tulong, ang mga biktima ng panggagahasa sa kulungan ay nanganganib na makaranas ng mas malala at pangmatagalang mga problema gaya ng depresyon, pagnanais na magpakamatay, o pagka-adik sa alkohol o ipinagbabawal na droga.

Dahil sa kahihiyan at *stigma* na kalakip ng panggagahasa sa kulungan, maaaring hindi sabihin ng mga bilanggo ang naging karanasan kaninuman, maging sa kanilang mga asawa o *sexual partner*; maaari itong magpataas ng panganib na pagkakahawa mula sa HIV at iba pang STI. Marami sa mga biktima ng sekswal na pang-aabuso sa kulungan ang nagkakaroon ng mga pag-uugaling nakasakit sa kanilang sarili, mga kapamilya, at sa komunidad. Ang mga dating nakulong na mga biktima ng panggagahasa na hindi natutunan ang mga epektibong paraan upang harapin ang kanilang mga hinanakit ay may mas malaking posibilidad na bumalik sa kanilang mapanganib o kriminal na pag-uugali, walang lakas na labanan ang kahirapan, at nahaharap sa mas mataas na panganib na bumalik sa kulungan.

Sa kabila ng mga nakapanlulumong kahihinatnan, posible ang pisikal at sikolohikal na pagbuti sa kalagayan at *recovery* ng mga biktima. Sa pamamagitan ng suporta, maaaring matutunan ng mga biktima ng panggagahasa sa kulungan ang epektibong paraan upang harapin ang kanilang *trauma*, ipahayag ang kanilang damdamin sa paraang hindi magdudulot ng sakit sa kanilang sarili o sa iba, at buuin muli ang kanilang mga buhay. Nakatutulong na malaman ng mga biktima na hindi sila

nag-iisa at may mga ibang tao rin na bagaman nakaranas ng panggagahasa, ay sinikap rin at matagumpay na naka-recover. Sa ilang mga pagkakataon, naging matagumpay na mga *human rights advocate* ang mga biktima ng panggagahasa sa kulungan, at nakahanap sila ng bagong kahulugan sa kanilang buhay sa pamamagitan ng pagtulong upang matiyak na hindi na mararanasan pa ng iba ang pang-aabusong kinaharap nila.

Paghadlang sa Panggagahasa sa Kulungan

Maaaring maiwasan ang panggagahasa sa loob ng kulungan. Resulta ng masamang polisiya, mapanganib na mga nakanayang pamamalakad, at kawalan ng pananagutan ng mga kawani ng kulungan ang pang-aabusong ito. Maraming kulungan ang tagumpay na naiwasan ang panggagahasa sa pamamagitan ng pag-iingat (*precaution*) upang maprotektahan ang mga bilanggo, gaya ng paghihiwalay sa mga maaaring maging biktima mula sa mga maaaring magkasala. Tinutulungan din ng mabisang mga *training program* ang mga kawani ng kulungan upang matutunan ang mga paraan para matiyak ang kaligtasan ng mga bilanggo, at paano ang wastong pag-iimbestiga sa mga napaulat na kaso ng rape. Kritikal para sa mga pinuno ng kulungan na gawing malinaw ang mahigpit na pagbabawal sa pang-aabusong sekswal, kahit pa kagagawan ito ng mga kawani ng kulungan o ng mga bilanggo. Dagdag pa dito, dapat ding bigyang-diin na may mga ligtas na paraan upang mag-ulat ang mga biktima kung saan, hindi sila magdurusa mula sa paghihiganti o patuloy na pang-aabuso.

Mas maaaring mangyari ang panggagahasa sa mga kulungang hindi nagpapahintulot o sinisikap pigilan ang pagsusuri sa kanilang mga polisiya at pag-monitor sa kanilang mga kawani. Sa maraming mga kulungan, kaunti o walang nangangasiwa sa mga kawaning nakaluklok sa matataas na posisyon, at hindi nila kailangang managot kaninuman. Upang mapangalagaan ang kaligtasan ng mga bilanggo, kailangang magkaroon ng malakas na mga *internal monitoring system* ang mga kulungan, at maging bukas sa pagsailalim sa mga regular na *audit* ng mga panlabas na ahensya. Dapat ding isapubliko ang mga datos tungkol sa panggagahasa sa loob ng kulungan na makokolekta ng mga panloob at panlabas na mga ahensya.

Noong 2012, inilimbag ng *U.S. Department of Justice* ang isang ulat na nagsasad na tinatayang may mahigit sa 209,400 na mga tao ang nakaranas ng pang-aabusong sekswal sa mga kulungan sa Estados Unidos simula 2008. Ang bilang na ito ay batay sa malawak at mahigpit na pagkolekta ng mga datos na tumulong upang mabigyan ng atensyon ang problemang ito sa Estados Unidos.

Maaari ding maipatupad ang matitibay na mga *monitoring system* sa pamamagitan ng mga *binding international agreement*. Hinihingi ng *Optional Protocol to the Convention Against Torture (OPCAT)*, na dagdag sa *United Nations Convention Against Torture*, mula sa mga bansang pumirma sa kasunduang ito na magtatag ng mga independiyenteng ahensyang pambansa na magsasagawa ng mga regular na pagbisita sa mga kulungan upang maiwasan ang *torture*. Sa kasalukuyan, 71 bansa na ang nagsabatas sa OPCAT. Ang pandaigdigang pagsasabatas o ratipikasyon ng OPCAT ay makatutulong upang maging mas maging bukas at may pananagutan sa bawat kulungan, na kalauna'y makapagpapababa sa mga kaso ng panggagahasa.

Kalakip ng pagsasaayos sa mga pamamalakad at batas, kinakailangan din ang pagbabago sa pananaw ng publiko tungkol sa panggagahasa sa kulungan upang mawakasan ang pang-aabusong ito. Karaniwan, ang *stigma* ng panggagahasa o ang pani-niwalang karapat-dapat na ma-rape ang mga bilanggo, ay kabilang sa mga humahadlang sa mga biktima upang magsumbong at humingi ng tulong. Kailangan ng mga biktima na mabigyan ng pagkakataon na malayang maipahayag ang kanilang karanasan upang maintindihan ang kanilang problema. Ang pampublikong saloobin na nagbibigay ng halaga sa kaligtasan at dignidad ng lahat ng tao, maging ng mga bilanggo, ay nakahihikayat sa mga biktima upang magsalita tungkol sa kanilang naranasang pang-aabuso. Sa huli, makatutulong ito upang mapigilan ang panggagahasa sa mga bilanggo.

Salamat sa masigasig na tulong ng JDI at ng iba pang nagsusulong ng mga karapatang pantao, nagsisimula nang magbago ang pampublikong pananaw tungkol sa panggagahasa sa loob ng kulungan. Mula sa walang-galang at maling mga panini-wala, ay unti-unti nang nagkakaroon ng malawak na pagkilala sa pang-aabusong ito bilang isang paglabag sa karapatang pantao.

Tungkol sa Just Detention International

Ang Just Detention International ay isang organisasyong tumututok sa kalusugan at karapatang pantao, at naglalayong wakasan ang panggagahasa at iba pang uri ng pang-aabusong sekswal sa mga kulungan. May tatlong pangunahing layunin

ang JDI para sa mga gawain nito: panagutin ang mga opisyal ng pamahalaan sa mga kaso ng panggagahasa sa kulungan; ipalaganap ang pampublikong saloobin na nagpapahalaga sa kalusugan at kaligtasan ng mga bilanggo; at tiyakin na makakamit ng bawat biktima ang kinakailangang tulong.

Itinatag ang JDI noong 1980 ni Russell Dan Smith, isang Amerikanong biktima ng panggagahasa sa loob ng kulungan. Gaya ni Smith, marami sa mga naunang pinuno ng organisasyon ang nakaranas mismo ng *prisoner rape*, kabilang sina Stephen Donaldson at Tom Cahill.

Paulit-ulit na ginahasa si Donaldson ng mga kapwa-bilanggo matapos arestuhin sa isang *anti-war demonstration*. Sa pamamagitan ng kaniyang husay sa pagsusulat, naituon ni Donaldson ang pambansang atensyon sa problema ng panggagahasa sa kulungan. Siya rin ang nag-coordinate ng *amicus brief* ng JDI para sa *Farmer v. Brennan*, ang makasaysayang 1994 *U.S. Supreme Court case* patungkol sa paksang ito. Pumanaw si Donaldson noong 1996 dahil sa sakit na AIDS, matapos siyang mahawa sa HIV noong ginahasa siya sa kulungan.

Isang beteranong *human rights advocate* at *anti-war protester* si Tom Cahill, na nakaranas din ng *gang-rape* mula sa iba pang kapwa-bilanggo. Nagsilbing pangulo ng JDI si Cahill noong 1998, at ang mga pagsisikap niya ay humantong sa pagpasasa *Prison Rape Elimination Act (PREA) of 2003*, ang kauna-unahang *U.S. civil law* na tumutugon sa pang-aabusong ito.

Ang JDI ang natatanging organisasyon sa buong mundo na tumututok sa ganitong uri ng pang-aabuso. Nagsalita laban sa panggagahasa sa Estados Unidos ang mga nagtatag ng organisasyon sa isang panahon kung saan kakaunti pa lamang ang mayroong lakas ng loob upang gawin ito. Dahil sa kanilang dedikasyon, nagkaroon ng pagtaas ng kamalayan—sa Estados Unidos at sa buong mundo tungkol sa panggagahasa sa kulungan, at naghikayat ito sa maraming tao na gumawa ng mga hakbangin para labanan ang nasabing pang-aabuso. Sa kasalukuyan, malaki pa rin ang tungkuling ginagampanan ng mga biktima ng panggagahasa sa kulungan sa mga gawain ng JDI.

Kaakibat ng pagkakait sa kalayaan ng isang tao ang wagas na tungkulin ng pamahalaan na tiyakin ang kaligtasan niya—ito ang pangunahing prinsipyo sa likod ng mga gawain ng JDI. Maaaring maiwasan ang panggagahasa sa mga kulungan. Ang mga kulungan na may mga dedikadong pinuno, mahusay na batas, at maayos na pamamalakad ay makatutulong upang matiyak ang kaligtasan ng mga bilanggo nito. Ang JDI ay nagdedebelop ng mga batas at polisiya, nakikipagtulungan sa mga kulungan upang sanayin ang kanilang mga kawani at turuan ang mga bilanggo, at nagbibigay ng impormasyon sa libo-libong biktima ng panggagahasa sa mga kulungan bawat taon.

Layunin ng JDI na makipag-ugnayan sa mga *human rights advocate*, kawani ng kulungan, mambabatas, tagapagbigay ng medikal na tulong at internasyunal na *counseling*, at mga biktima ng panggagahasa sa kulungan sa buong mundo, upang bumuo ng mga lokal at pambansang kilusan na naglalayong tuluyang wakasan ang mga kaso ng panggagahasa sa kulungan.

Ano pa mang krimen ang nagawa ng isang tao, hindi bahagi ang panggagahasa sa mga parusa dito.

Ang JDI ay naka-base sa Estados Unidos, at may mga tanggapan ito sa Los Angeles at Washington, D.C. Noong 2013, itinatag ng JDI ang JDI-South Africa (JDI-SA) sa Johannesburg bilang isang independiyenteng organisasyon na magpapatuloy sa mga nasimulang gawain ng JDI sa South Africa noong 2005. Ang JDI at JDI-SA ay magkasalo sa isang pangunahing misyon: na wakasan ang panggagahasa at iba pang uri ng pang-aabusong sekswal sa kulungan. Nagsagawa rin ng adbokasiya ang JDI sa Botswana, Guyana, India, Jamaica, Mexico, Pilipinas, at United Kingdom. Ingles (English) ang pangunahing wika para sa mga programa ng JDI. Sa kasalukuyan, bukod sa buod na ito, ang JDI ay may kakayahang tumugon sa mga katanungan at magbigay ng impormasyon sa mga wikang Ingles at Espanyol (Spanish). Nagbibigay din ang JDI ng referral para sa rape crisis counseling, legal assistance, at iba pang tulong para lamang sa mga biktima ng panggagahasa sa kulungan sa Estados Unidos at South Africa. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa JDI, bumisita sa www.justdetention.org.

Mga Sanggunian (References):

ⁱ Malawak ang mga pagkakaiba sa mga *prison system* sa pagitan ng mga bansa at rehiyon, maging ang mga uri ng pasilidad na ginagamit upang ikulong ang mga tao. Para sa dokumentong ito, ang “kulungan” ay tumutukoy sa lahat ng uri ng pasilidad na ginagamit para sa detensyon, kabilang ang mga kulungan at bilangguan para sa mga matatanda, mga *detention facility* para sa mga bata, mga lokal na *detention facility*, at mga *police “lockup.”*

ⁱⁱ *National Standards to Prevent, Detect, and Respond to Prison Rape, Department of Justice, Mayo 17, 2012, matatagpuan sa www.ojp.usdoj.gov/programs/pdfs/prea_final_rule.pdf*

JUST DETENTION INTERNATIONAL

3325 Wilshire Blvd., Suite 340
Los Angeles, CA 90010
Tel: (213) 384-1400
Fax: (213) 384-1411

East Coast Office
1900 L Street NW, Suite 601
Washington, DC 20036
Tel: (202) 506-3333
Fax: (202) 506-7971

South Africa Office
2nd Floor, Norwood Place
66 Grant Avenue, Norwood
Johannesburg 2192
South Africa
Tel: 27 0 11 483 0989

info@justdetention.org
www.justdetention.org